



ABISO NG LAYUNIN NA MAGPATUPAD ng PINAGAAN AT NEGATIBONG DEKLARASYON para sa PLANO SA PAGGAMIT NG MGA TRUST LAND (UPD #MND-2025-016)

Sa pamamagitan nito, nagbibigay ng abiso na ang **Pinag-isang Distrito ng Port ng San Diego (San Diego Unified Port District, Distrito)**, bilang namamahalang ahensya sa ilalim ng Batas sa Kalidad ng Kapaligiran ng California (California Environmental Quality Act, CEQA), ay naghanda, at naglalayong magpatupad ng Pinagaan at Negatibong Deklarasyon (Mitigated Negative Declaration, MND) para sa Plano sa Paggamit ng Mga Trust Land (Trust Lands Use Plan). Available ang MND para sa humigit-kumulang 30 araw na panahon ng pampublikong pagsusuri at maaaring magbigay ang mga ahensya at miyembro ng publiko ng mga komento ayon sa tinukoy sa ibaba.

Pamagat ng Proyekto: Plano sa Paggamit ng Mga Trust Land (UPD #MND-2025-016)
Aplikante sa Proyekto: Pinag-isang Distrito ng Port ng San Diego
Lokasyon ng Proyekto: Humigit-kumulang 8,000 acre ng mga ipinagkaloob na trust land sa at sa paligid ng San Diego Bay (humigit-kumulang 7,900 acre ng mga lupa sa ilalim ng tubig sa loob ng San Diego Bay at humigit-kumulang 100 acre ng Mga Tideland sa Mga Lungsod ng San Diego, Imperial Beach, at Coronado)

Buod ng Paglalarawan ng Proyekto: Nagtatakda ang Plano sa Paggamit ng Mga Trust Land (TLUP o Proyekto) ng komprehensibong bisyon para sa pamamahala ng Pinag-isang Distrito ng Port ng San Diego (Distrito) ng humigit-kumulang na 8,000 acre na ipinagkaloob sa ilalim ng Panukalang Batas ng Senado 507 (SB 507) na inilathala bilang kabanata sa Seksyon 5.7 ng Batas ng Pinag-isang Distrito ng Port ng San Diego. Ang layunin ng TLUP ay: idirekta ang paggamit sa hinaharap ng mga trust land na ipinagkaloob ng SB 507 (Lugar ng TLUP) kasama ang pagpapaunlad sa hinaharap, preserbasyon at iba pang paggamit; bigyang-daan ang iba't ibang hanay ng paggamit at mga aktibidad kasama ang, pero hindi limitado sa, ligtas na nabigasyon, negosyo, mga palaisdaan, at libangan; magbigay ng malawak na hanay ng mga ipinapanukalang pampublikong pagpapaunlad; at magtaguyod ng pangangalaga sa kapaligiran ng Mga Tideland. Naglalaman ng anim na elemento ang TLUP: Paggamit ng Tubig at Lupa, Paggalaw, Ekolohiya, Kaligtasan at Katatagan, Katarungan sa Kalikasan, at Ekonomiya. Ang mga elementong ito ang nagbibigay ng pundasyon at direksyon sa patakaran para sa pagpapaunlad sa hinaharap at mga pinaplanong pagpapahusay na pinag-iisipan sa TLUP. Kasama sa bawat elemento ang mga mithiin, layunin, at patakaran na nalalapat sa buong Lugar ng TLUP. Kasama rin sa TLUP ang Mga Pamantayan sa Pagpapaunlad ng Lugar ng TLUP na itinataguyod ang mga kinakailangan para sa pisikal na pagpapaunlad ng isang lugar. Sa loob ng Lugar ng TLUP, may apat na bagong Distrito sa Pagpapalano (Planning District, PD): North Bay (PD11), North Central Bay (PD12), South Central Bay (PD13), at South Bay (PD14). Kasama sa bawat distrito sa pagpapalano ang mga espesyal na allowance, planadong pagpapahusay, at pamantayan sa pagpapaunlad na partikular sa lugar, na partikular sa distrito sa pagpapalano na iyon. Mayroon ding kabanata sa Pagsunod sa Pagpapatupad at Pagpapaunlad ng TLUP, na tinatalakay ang mga pamantayan para sa pagiging naaayon sa TLUP para sa potensiyal na pagpapaunlad sa hinaharap, na alinsunod sa Batas sa Baybayin ng California.

Mga Ipinapanukalang Natuklasan: Tinutukoy ng MND ang mga potensyal na malaking epekto sa kapaligiran ng Proyekta sa mga sumusunod na saklaw ng mapagkukunan: kalidad ng hangin; mga biyolohikal na mapagkukunan; mga kultural na mapagkukunan, heolohiya at mga lupa; mga greenhouse gas emission; hydrology at kalidad ng tubig; ingay; mga pampublikong serbisyo; libangan; at mga mapagkukunan sa kultura ng tribo. Natuklasan ng MND na ang mga epekto ng Proyekto, nang may pagsasama ng mga hakbang sa pagpapagaan, ay magiging mas mababa sa malaking epekto.

Pagiging Available ng MND: Ang MND, at ang lahat ng dokumentong tinukoy sa MND, ay available para sa pampublikong pagsusuri sa mga karaniwang oras ng negosyo sa San Diego Unified Port District Office of the District Clerk, 3165 Pacific Highway, San Diego, CA 92101-1128. Maaaring tingnan online ang ipinapanukalang MND at TLUP sa <https://www.portofsandiego.org/public-records/port-updates/notices-disclosures/ceqa-documents>. Available din para sa pagsusuri ang MND sa mga sumusunod na aklatan: San Diego Central Library (330 Park Boulevard, San Diego, CA 92101), National City Public Library (1401 National City Blvd, National City, CA 91950), Chula Vista Public Library (365 F Street, Chula Vista, CA 91910), Imperial Beach Public Library (810 Imperial Beach Blvd, Imperial Beach, CA 91932), at Coronado Public Library (640 Orange Avenue, Coronado, CA 92118). Para sa kopya ng MND, makipag-ugnayan kay Dennis Campbell, Tagapamahala ng Programa, sa dcampbell@portofsandiego.org o (619) 686-7218.

Mga Pampublikong Komento sa MND: Available ang MND para sa humigit-kumulang 30 araw na panahon ng pampublikong pagsusuri simula sa Biyernes, Pebrero 21, 2025, at matatapos sa Huwebes, Marso 27, 2025, nang 5:00 P.M. Ang mga sulat na may komento na nagsasaad ng mga partikular na alalahanin sa kapaligiran tungkol sa TLUP ay dapat na ipadala sa: San Diego Unified Port District, Attn: Dennis Campbell, Planning Department, P.O. Box 120488, San Diego, CA 92112-0488 o i-email sa TLUP@portofsandiego.org.